

Mga App na Dapat Malaman ng mga

Lock Photos Photo Secret Vault



App para sa mga device na iOS. Sa oras na mailunsad, kailangang gumawa ang user ng password na hindi maaaring i-reset. Ginagamit para itago ang mga litrato at video, audio file, at mga file na kagaya ng mga PDF. Maaaring gumamit ang mga user ng isang decoy password at magpadala ng maling data.

AppLock



Fingerprint o pagla-lock ng password para gawing ligtas ang Facebook, Instagram, Snapchat, iba pang mga app, at maging mga tawag sa telepono. Gumagamit ng hindi nakikitang lock pattern. Maaaring maikubli bilang isang error na mensahe o blangkong screen.

Best Secret Folder



Kinukuha ang mga litrato ng sinumang sinusubukang i-access ito. Maingat na icon na mukhang app para sa paglalakbay. Maaaring mag-set ng fingerprint password. Maaaring isara ang app sa pamamagitan ng pagpapadapa ng phone.

Gallery Lock



Itinatago ang mga litrato. Pagkatapos ng tatlong hindi matagumpay na pagtatangka, kinukuha ng app ang litrato ng nanghihimasok. Ang app icon ay maaaring ibalatkayo o itago. Libre na may kasamang mga ad.

Keepsafe Photo Vault



Fingerprint na passcode. Magla-lock ang app kung idadapa ng user ang phone. Itinatago ang mga litrato, video, impormasyon ng credit card, ID card, at pasaporte. Decoy pin. Maaaring maikubli bilang isang calculator. Android at iOS.



Hatid ng Silicon Valley Internet Crimes Against Children Task Force ng San Jose Police Department na Nakatuon para Gawing Mas Ligtas na Lugar ang Internet

Vault App: Isang application na ginagamit para magtago ng mga litrato, video at mensahe mula sa ibang taong maaaring gamitin ang iyong device. Maaaring magmukhang hindi nakakasamang app ang vault app.

Naka-built-in na feature na "hide photos" ("itago ang mga litrato") ng Apple



Sa iPhone, sa ibaba ng photos o albums tab, pumunta sa "Hidden" ("Nakatago") at piliin ang litratong gusto mong ipakita. Sa Mac, pumunta sa "View" ("Tingnan") sa menu bar at piliin ang "Show Hidden Photo Album" ("Ipakita ang Nakatagong Photo Album").

Vault Hide Pics & Videos (Android lamang)



Maaaring gawing ligtas ang internet browsing history, mga text message, mga tawag sa telepono, mga litrato, mga video. Itinatago ng stealth mode ang app. Maaaring maidoble para magmukhang regular na photo app.

Inia-archive ang mga Litrato sa Android




Naka-built-in na opsyon sa Android. Para makita ang mga naka-archive na litrato, i-tap ang hamburger menu (tatlong pahigang linya) at piliin ang "Archives".

Secure Folder (Samsung Galaxy lamang)



Opsyonal "Pribadong Mode" para sa pagtatago ng mga litrato, video, file, app, at data. Opsyonal fingerprint lock, pattern, pin, o password. Para makita, pumunta sa Settings > Lock Screen and Security > Secure Folder.

Secret Photo Album



Itinatago ang internet browsing history at mga litrato. Maaaring i-lock kung may password, pin, pattern, at facial recognition. Ipinapakita ng decoy feature ang hindi nakakasamang mga litrato habang itinatago ang mga pribadong litrato.

Pic Safe - Private Photo Vault



Itinatago ang mga litrato at video. Password, pattern o pin lock. Opsyong decoy password para linlangin ang iba. Nagbibigay ng "mga ulat" kung sinusubukan ng iba na i-access ang mga litrato, at kinukunan ang kanilang litrato.

11 Popular na "Vault App"



WWW.SVICAC.ORG